# DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

*Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.*

FACT SHEET D

DOKUMENTO NG IMPORMASYON NA MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA BENEPISYO SA PERMANENTENG KAPANSANAN

Ang permanenteng kapansanan (PD) ay anumang pangmatagalang kapansanan mula sa pagkakapinsala o karamdaman kaugnay ng iyong trabaho na nakakaapekto sa iyong kakayahang maghanap-buhay. Kung ang iyong pinsala o karamdaman ay humantong sa PD, karapat-dapat ka sa mga benepisyo para sa PD, kahit pa kaya mong bumalik sa trabaho.

## Kailangan ko bang sagutan ang claim form (DWC 1) na ibinigay sa akin ng aking pinagtatrabahuhan?

Oo, kung gusto mong makatiyak na kwalipikado ka para sa lahat ng benepisyo. Kung hindi ka magsusumite ng claim form sa loob ng isang taon, malamang na hindi ka makakakuha ng mga benepisyo. Dapat kang bigyan ng iyong pinagtatrabahuhan ng isang DWC 1 claim form sa loob ng isang araw pagkabatid na nasaktan ka. Bubuksan ng iyong pagsagot sa claim form ang iyong kaso para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Itinatakda rin ng batas ng estado ang mga benepisyo nang higit pa sa mga pangunahin na maaaring nararapat sa iyo sa sandaling magsumite ka ng claim form sa iyong pinagatatrabahuhan. Kabilang sa mga benepisyong iyon ang, ngunit hindi limitado sa:

- Ang pagpapalagay na ang iyong pinsala o karamdaman ay dulot ng trabaho kung ang iyong claim ay hindi tinanggap o ipinagkait sa loob ng 90 araw matapos ang pagbigay ng claim form sa iyong pinagtatrabahuhan
- Hanggang $10,000 sa paggamot sa ilalim ng mga alituntunin sa medikal na paggamot habang ang iyong claim ay isinasaalang-alang ng tagapangasiwa ng mga claim
- Pagtaas sa mga bayad sa iyo para sa kapansanan kung naantala ang mga ito
- Isang paraan upang lutasin ang anumang hindi pagkakasunduan na maaaring lumitaw sa pagitan ninyo ng tagapangasiwa ng mga claim kung ang pinsala o karamdaman ay nangyari sa trabaho, ang natanggap mong medikal na paggamot at kung makakatanggap ka ng mga benepisyo para sa PD.

## Paano kung hindi ako binigyan ng aking pinagtatrabahuhan ng DWC 1 claim form?

Humingi ng form sa iyong pinagtatrabahuhan o tumawag sa tagapangasiwa ng mga claim para matanggap ito. Ang tagapangasiwa ng mga claim ang tao o entidad na nag-aasikaso sa mga claim ng iyong pinagtatrabahuhan. Ang pangalan at numero ng telepono ng entidad na ito ay dapat nakapaskil sa lugar na iyong pinagtatrabahuhan sa parehong lugar kung saan nakapaskil ang mga iba pang impormasyon tungkol sa lugar na pinagtatrabahuhan, tulad ng minimum wage. Maaari mong kumpirmahin kung sino ang iyong tagapangasiwa ng mga claim sa pamamagitan ng pagpunta sa www.caworkcompcoverage.com. Makukuha mo rin ang form mula sa website ng Division of Workers' Compensation (DWC) sa www.dwc.ca.gov. Sa kanang navigation pane, sa ilalim ng "Quick Links" iklik ang "forms".

## Sino ang magdedesisyon kung dapat akong makatanggap ng mga benepisyo para sa PD? Paano ginagawa ito?

Isang doktor ang magdedesisyon kung ang iyong pinsala o karamdaman ang naging sanhi ng PD. Pagkatapos, kukuwentahin ang report ng doktor bilang iskor sa PD. Ang prosesong ginagamit upang gawin ang ulat ng doktor bilang iskor ay maaaring mag-iba depende sa petsa ng iyong pagkakapinsala at mga iba pang bagay. Tutukuyin ng iskor sa PD ang mga benepisyong matatanggap mo.

Pagkatapos na magdesisyon ang iyong doktor na ang iyong pinsala o karamdaman ay maayos na at walang malamang na pagbabago, susuriin ang PD. Sa ppagkakataong iyan, ang iyong kondisyon ay naging permanente na at walang pagbabago (P&S). Maaaring gamitin ng iyong doktor ang salitang maximal medical improvement (MMI) sa halip na P&S.

Sa sandaling ikaw ay P&S o naabot na sa MMI, magpapadala ang iyong doktor ng report sa tagapangasiwa ng mga claim para ipaalam sa kanila kung mayroon kang anumang PD. Magdedesisyon din ang doktor kung ang alinman sa iyong kapansanan ay dulot ng ibang bagay bukod pa sa iyong pagkapinsala sa trabaho,

tulad ng dating pinsala o iba pang kondisyon. Tinatawag itong apportionment. Maaaring magpasagot ang tagapangasiwa ng mga claim ng isang form na naglalarawan sa iyong kapansanan.

### Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa doktor?

Kung ikaw o ang tagapangasiwa ng mga claim ay hindi sumasang-ayon sa mga matutuklasan ng iyong doktor, maaari kang magpatingin sa isang doktor na tinatawag na kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluator - QME). Humingi ka ng listahan ng QME (tinatawag na panel) mula sa DWC Medical Unit. Magpapadala ang tagapangasiwa ng mga claim sa iyo ng mga form para humiling ng QME. Babayaran ng iyong pinagtatrabahuhan ang gastos sa pagpapa-eksamen sa QME. Mayroon kang 10 araw mula sa petsa na sasabihin sa iyo ng tagapangasiwa ng mga claim na simulan ang proseso ng QME upang isumite ang iyong form ng kahilingan sa DWC Medical Unit. Kung hindi mo isusumite ang form sa loob ng 10 araw, gagawin ito ng tagapangasiwa ng mga claim para sa iyo at siya ang pipili ng uri ng doktor na pupuntahan mo.

May mga ibang partikular at mahigpit na itinakdang panahon na dapat mong matugunan sa pagsusumite ng iyong mga QME form kung hindi ay mawawalan ka ng mga importanteng karapatan. Basahin ang alituntunin 2 ng DWC Information and Assistance (I&A) Unit at sumangguni sa dokumento ng impormasyon E para sa mga karagdagang impormasyon.

### Ano ang iskor ng PD at paano ito kinukuwenta?

Una, pagkatapos ng iyong pagpapasuri, susulat ang doktor ng medikal report tungkol sa apekto sa iyo ng pinsala (impairment). Ang impairment ay nangangahulugang kung paano nakakaapekto ang pinsala sa kakayahan mong gawin ang mga karaniwang gawain sa buhay. Kasama sa report kung ang anumang bahagi ng iyong pagkakaapekto ay dulot ng mga ibang bagay maliban sa iyong pinsala sa trabaho. Magtatapos ang report ng doktor sa impairment number o numero ng epekto ng pinsala. Susunod, ilalagay ang impairment number sa isang pormula upang kuwentahin ang porsiyento ng iyong kapansanan. Ang kapansanan (o disability) ay tumutukoy kung paano naapektuhan ng pagkakaapekto ng pinsala ang iyong kakayahang magtrabaho. Ang iyong hanapbuhay at edad sa panahon ng iyong pagkakapinsala ay makakaapekto sa pagkuwenta ng iyong PD. Kung nasaktan ka bago Ene. 1, 2013, ang nabawasang kakayahan mong maghanap-buhay sa hinaharap ay isasaalang-alang din sa iyong iskor. Pagkatapos, ang anumang bahagi ng iyong kapansanan na dulot ng ibang bagay bukod sa iyong pagkakapinsala sa trabaho ay tatanggalin sa pagkuwenta.

Ang iyong kapansanan ay isasaad bilang isang porsiyento. Ang porsiyento ng iyong kapansanan ay katumbas ng partikular na halaga sa dolyar, depende sa petsa ng iyong pagkakapinsala at sa iyong karaniwang lingguhang sahod sa panahon ng pagkakapinsala. Isang espesyalista sa paggagrado mula sa DWC Disability Evaluation Unit ang tutulong para kuwentahin ang iyong iskor.

Kung ang iyong pinagtatrabahuhan ay may 50 o mahigit pang empleyado, at napinsala ka bago 2013, maaaring maapektuhan rin ang halaga kung mag-aalok ang iyong pinagtatrabahuhan ng naaangkop na alok na bumalik sa trabaho. Para sa mga pinsalang nangyayari sa o makalipas ang Ene. 1, 2013, ang lahat ng iskor sa permanenteng kapansanan ay tataas nang Whole Person Impairment factor na 1.4.

### Paano binabayaran ang PD?

Sa sandaling sabihin ng iyong doktor na mayroon kang PD, kukuwentahin ng tagapangasiwa ng mga claim kung magkano ang dapat mong matanggap at sisimulan kang bayaran, kahit pa hindi pa nakukuwenta ang pinal na porsiyento ng kapansanan. Ang mga benepisyo para sa PD ay binabayaran bilang karagdagan sa mga benepisyo para sa pansamantalang kapansanan (TD) na natanggap mo. Dapat na simulang bayaran ng tagapangasiwa ng mga claim ang iyong PD sa loob ng 14 na araw makalipas magwakas ang TD at ipagpatuloy ang mga bayad hanggang sa mabayaran na ang makatwirang tinantiyang halaga ng iyong kapansanan. Kung hindi ka lumiban sa anumang trabaho, ang mga bayad para sa PD ay dapat bayaran mula sa petsang sinabi ng doktor na ikaw ay P&S. Magpapatuloy na babayaran ang mga benepisyo para sa PD tuwing dalawang linggo sa araw na pipiliin ng tagapangasiwa ng mga claim hanggang sa mabayaran na ang makatwirang tinantiyang halaga ng iyong kapansanan. Kapag natukoy na ang aktwal na halaga ng PD, dapat na mabayaran ang halagang hihigit sa nakuwenta.

Kung napinsala ka at may nabibigyan ng iskor na permanenteng kapansanan (ratable permanent disability), hanggang Ene. 1, 2013, ang mga bayad para sa PD ay hindi babayaran kung babalik ka sa binago, alternatibo o regular na trabaho sa iyong pinagtatrabahuhan sa 85 porsiyento ng iyong mga sahod o bumalik sa trabaho para sa sinumang pinagtatrabahuhan sa 100 porsiyento ng iyong mga sahod. Kapag matatanggap mo ang ipinagkaloob sa iyong PD, matatanggap mo ang naitamang bayad simula sa huling petsa na binayaran ang TD o noong naabot mo ang pinakamatagal na panahon ng medikal na paggaling, alinman ang mas mauuna.

**Pagkatapos ng lahat, paano lulutasin ang aking claim?**

Matapos matukoy ang halaga ng PD sa isang claim, karaniwang may kasunduan o pagkakaloob ng mga benepisyo. Ang pagkakaloob na ito ay kailangang aprubahan ng isang hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa. Kung mayroon kang abogado, dapat kang tulungan ng iyong abogado para makuha ang ipinagkakaloob na ito. Kung wala kang abogado, dapat kang tulungan ng tagapangasiwa ng mga claim para makuha ang ipinagkakaloob na ito. Makakatanggap ka rin ng tulong mula sa opisyal ng I&A sa lokal na opisina ng Workers' Compensation Appeals Board. Kung sinabi ng iyong doktor na maaaring kakailanganin ng karagdagang medikal na paggamot para sa iyong pinsala o karamdaman, ang ipinagkakaloob ay maaaring makapagdulot ng medikal na pangangalaga sa hinaharap.

May dalawang uri ng kasunduan. Ang kasunduan ay sinasang-ayunan ninyo ng tagapangasiwa ng mga claim.

Maaari mong lutasin ang iyong buong claim sa pamamagitan ng kasunduang kabuuang halaga na tinatawag na compromise and release (C&R). Ang C&R ay maaaring pinakamabuti kapag gusto mong kontrolin ang sarili mong medikal na pangangalaga at/o gusto mong kabayaran ng kabuuang halaga para sa iyong PD. Ang C&R ay karaniwang nangangahulugang pagkatapos mong maipaaprubahan sa hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa ang kabayaran ng kabuuang halaga, hindi na sasagutin ng tagapangasiwa ng mga claim ang anumang mga karagdagang bayad o medikal na pangangalaga.

Maaari ka ring sumang-ayon sa isang kasunduan na tinatawag na kasunduan na may kahilingan para sa ipinagkakaloob (stipulation with request for award - stip). Ang stip ay karaniwang kinabibilangan ng halaga ng pera at medikal na paggamot sa hinaharap. Ang mga bayad ay ibibigay sa tukoy na haba ng panahon. Susuriin ng isang hukom ang kasunduan.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa kasunduan sa tagapangasiwa ng mga claim, maaari kang dumulog sa isang hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa, na siyang magdedesisyon sa ipagkakaloob sa iyong PD. Ang matutuklasan ng hukom ay tinatawag na mga natuklasan at ipagkakaloob (findings and award - F&A). Ang F&A ay karaniwang binubuo ng halaga ng pera at probisyon para bayaran ng tagapangasiwa ng mga claim ang naaprubahang medikal na paggamot sa hinaharap.

Kung ang iyong pinsala ay magreresulta sa permanenteng kapansanan at natukoy ng estado na ang iyong benepisyo para sa PD ay masyadong mababa kumpara sa mga nawala mong kita, maaari kang maging kwalipikado para sa karagdagang pera mula sa Special Earnings Loss Supplemental program (programang Natatanging Pambawi sa Nawalang Kita) ng Department of Industrial Relations na kilala rin bilang Return to Work Program (Programa para sa Pagbalik sa Trabaho). Kung may mga tanong ka o sa palagay mo ay karapat-dapat ka, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng I & A o bisitahin ang website ng DIR sa www.dir.ca.gov.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov para maghanap ng lokal na opisina ng I&A. Maaari mo ring i-download ang mga gabayng I&A at kumuha ng mga impormasyon tungkol sa mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.

Marso 2013